RECEIVED
AUG 0 3 2026
DATE
DEPARTMENT OF EDUCATION DIVISION OF SIARGAO

Republic of the Philippines
**Department of Education**
CARAGA REGION
**SCHOOLS DIVISION OF SIARGAO**

RELEASED
AUG 0 3 2026
DATE
DEPARTMENT OF EDUCATION DIVISION OF SIARGAO

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 08 - 217, s. 2026

Sa Mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, CID at SGOD
Public Schools District Supervisors (PSDSs)
Pinunò ng mga Paaralang Pampubliko at Pribado
Lahat ng Kinauukulan

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2026

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg 1041,s 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2026 ay ipinagdiriwang 1-31, 2026 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa temang : **Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.**

2. Layunin ng pagdiriwang na ito ang:

a. mapalakas ang pagpapahalaga sa Wikang Filipino at iba pang katutubong wika bilang mahalagang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan, kultura, at edukasyon;
b. itampok ang mahalagang papel ng Wikang Filipino sa panahon ng *Artificial Intelligence* (AI) bilang katuwang sa pananaliksik, paglikha ng kaalaman; at
c. palawakin ang akses sa impormasyon habang isinusulong ang responsableng paggamit ng teknolohiya sa edukasyon.

3. Kaugnay nito, inaatasan ang lahat ng pampubliko at pribadong paaralan sa Sangay ng Siargao na magsagawa ng mga **gawaing pansilid** na naaayon sa tema at antas ng mga mag-aaral, kabilang ngunit hindi limitado sa sumusunod:

| **Yugto** | **Gawain** | **Kasanayan** |
|---|---|---|
| Unang Yugto (Kindergarten hanggang Baitang 3) | LikhaWento | Makabuo at makapagsalaysay ng kuwento upang malinang ang pagkamalikhain at kasanayan sa wika |
| Ikalawang Yugto (Baitang 4 hanggang 6) | TahiRawan | Mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagpapahayag at paggamit ng wika |

**Address:** Brgy. Osmeña, Dapa,
**Contact No.:** 09190040217
**Website:** sdosiargao.com
siargao@deped.gov.ph

Republic of the Philippines
**Department of Education**
CARAGA REGION
**SCHOOLS DIVISION OF SIARGAO**

| | | |
|---|---|---|
| Ikatlong Yugto (Baitang 7 hanggang 10) | DokyuWento | Makalikha ng makabuluhang dokumentaryong nagsasalaysay ng mga karanasan, isyu, o kulturang may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang. |
| Ikaapat na Yugto (Baitang 11 hanggang 12) | AI-Saliksik | Magamit ang makabagong teknolohiya at (AI) bilang katuwang sa masusing pananaliksik at paglikha ng mga makabuluhang akademikong output |

4. Alinsunod sa **Kautusang Pangkagawaran Blg. 009, s. 2029 (General Guidelines, Blg. 14)**, ang mga gawain para sa pagdiriwang ay kinakailangang isagawa sa loob ng silid-aralan (*classroom-based*) o pagkatapos ng opisyal na oras ng pagtuturo.Maaaring ma-*download* ang mga halimbawang banghay-aralin sa Filipino na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa link na ito: https://tinyurl.com/halimbawaaralin .

5. Inaatasan ang lahat ng paaralan na magsumite ng naratibong ulat hinggil sa pagdiriwang. Maaari itong i-upload sa link na https://tinyurl.com/BWNK2026 o sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code na ito

6. Maaaring gumamit ng pondong lokal kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

7. Para sa karagdagang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa EPS sa Filipino ng Sangay ng Siargao ,G. RANDY A. RUDILA , sa telepono bilang 09455790804.

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpalaganap sa Memorandum na ito.

**MANUEL O. CABERTE**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**Address:** Brgy. Osmeña, Dapa, Surigao del Norte, 8417
**Contact No.:** 09190040217
**Website:** sdosiargao.com
siargao@deped.gov.ph
DepEd Siargao